Stop Kaliwa Dam, Save Our Future!

Petisyon kay Pangulong Rodrigo Duterte na Ipawalang-bisa ang Kaliwa Dam Project

Ang Kaliwa Dam Project ay lumalabag sa mga prosesong legal at Saligang Batas, mapanira sa kalikasan, at taliwas sa kabuuang pambansang interes ng Pilipinas.

Kasabay ng tumataas na pangangailangan ng Metro Manila sa suplay ng tubig, nagmimistulang malulutas ito ng magastos na mga pagpipilian. Sa katunayan, ginamit ang nagdaang "water crisis" upang madaliin at pangatuwiranan ang New Centennial Water Source-Kaliwa Dam Project bilang diumano'y solusyon dito.

Tutol kami sa panandaliang solusyong ito dahil ang Kaliwa Dam Project ay:

- Itatayo sa lupaing ninuno ng higit 5,000 na Dumagat-Remontado
- Minamadali sa pamamagitan ng pagmamanipula sa prosesong legal nito, partikular na ang karapatan ng mga katutubo sa Free, Prior, and Informed Consent process ayon sa IPRA
- Sisira sa samu't saring buhay ng 126 na *species* sa 300 ektarya ng Sierra Madre, at maglalagay sa panganib ng matinding pagbaha sa buhay ng 100,000 na residenteng nakatira sa mga pababang dako ng mga anyong-tubig
- Mangangailangan ng P10.37 bilyong utang mula sa China, na magpapalala sa ating ekonomiyang baon sa utang
- Kakailanganin ang bawat Pilipino, kahit sa labas ng Metro Manila, na saluhin ang utang;
- Maaaring tumagal lang ng 5-6 taon dahil sa mabilis na *sedimentation* na idudulot ng dam;
- Magpapahintulot sa China na lutasin ang mga gusot sa kasunduan sa kanilang bansa at ayon sa patakaran nila;
- Nagbibigay ng pahintulot sa ating gobyerno na gamiting pambayad sa utang ang mga teritoryo ng Pilipinas.

Kaya naman, nananawagan kami kay Pangulong Rodrigo Duterte, at sa lahat ng lider sa gobyerno, na ipawalang-bisa ang Kaliwa Dam Project. Naniniwala kaming hindi matutugunan ng proyektong ito ang problema, bagkus ay magpapalala lamang sa kasalukuyang kalagayan ng Pilipinas. Marami nang alternatibong solusyon – na mas mura at pangmatagalan – ang inihain ng maraming dalubhasa.

Kami, ang sambayanang Pilipino, ay nagsasabing NO sa Kaliwa Dam, at YES sa mga alternatibo!

"Ang pangangalaga sa ekosistema ay nangangailangan ng pagiging handa sa hinaharap, pagkat yaong naghahanap ng mabilis at madaling pagtutubuan ay hindi talaga interesado na pangalagaan sila. Ngunit ang presyo ng pagkawasak dahil sa gayong pagkaganid at kawalang malasakit ay mas malaki pa kaysa sa makukuhang pang-ekonomikong benepisyo."
(Laudato Si, Blg. 36)

PARA SA HIGIT PANG DETALYE, narito ang buong kopya ng petisyon: **bit.ly/stopkaliwadam**

PAALALA: Kasabay ng pagpirma sa ibaba, nagbibigay ka ng buong pahintulot sa STOP Kaliwa Dam Network, Save Sierra Madre Network Alliance, Inc., at ALMA! DAM na maingat na lipunin at pribadong itago ang iyong impormasyon, kasama ng sa iba pang mga pipirma. Tanging ang mga nasabing network ang hahawak sa iyong impormasyon, at hindi lalabas ang mga ito sa publiko.

Pangalan	Paaralan/Kumpanya/Organisasyon	Siyudad/Probinsya/Email Address	Pirma

Maaaring ipadala ang na-scan na petisyon sa savesierram@gmail.com o iabot sa Room 232 ng St. Anthony Building, Cambridge St. Cor. Aurora Blvd., Cubao, QC. Tel No.: 912-0224/ 0920 968 4982.
Kapag nakumpleto na ang dokumentong ito, ang paghawak nito ay limitado lamang sa mga kasapi ng mga organisasyong napapailalim sa STOP Kaliwa Dam Network.